



Saling Etnolingguwistikong Akda ng mga Aeta sa Bayan Ng Capas, Tarlac

Jessica Marie I. Dela Peña, PhD

jemariedelapena@yahoo.com

College of Education, Department of Graduate Studies, Tarlac State University, Tarlac, Philippines

DOI: 10.65223/RAXG1283

Abstract

Ang panitikan ay salamin ng isang kultura sa isang bayan, matibay na moog sa preserbasyon at sa pagpapahalaga sa bawat tradisyon at kaugalian ng isang mamayan sa kaniyang pagkakakilanlan. Ito ang layunin ng pag-aaral ang masinop, maisalin at magpatuloy ang mga akdang pampanitikan ng mga Katutubong Aeta sa bayan ng Capas, Tarlac. Ang saklaw na akda sa pag-aaral ay ang mga kuwentong bayan, alamat, at awitin ng mga katutubo na pawang nakasulat sa Filipino at ang diyalektong Kapampangan ang siyang naging lunsaran sa pagsasalin ng mga akda ng mga Katutubong Aeta sa bayan ng Capas, Tarlac. Ginamit ang *meaning-based translation* ni Larrson sa teoretikal na pagtanaw ng salin. Nagtamo ito ng 4.9 mean na may lubos na balidong salin sa leksikal at gramatika ng ortograpiyang Kapampangan. Tinipon ang mga ito sa isang magasin “*Istorya Keta Capas, Tarlac*” at natuklasan na nagtamo ito ng 4.8 kabuoang mean na may pinakamataas na katanggap-tanggap na antas at lubos na balido. Sa kabuoan, malaki ang pakinabang ng nabuong materyal sa pagkilala ng panitikang Aeta sa bayan ng Capas upang mapreserba, patuloy na makilala at mapahaglagahan ang mga kultura at tradisyon ng mga ito ating bansa.

Keywords: Etnolingguwistikong Akdang Pampanitikan, Kapampangan, Katutubo, Aeta, Istorya

Introduksyon

Ang pagpapa-unlad at pagrereserba ng mga katutubong kultura’t panitikan ay isa sa mga hangarin at lunggati ng ating bansa. Sa katunayan, nakatala sa Republic Act No. 8371 ng 1997 na may pamagat na Indigenous Peoples Rights Act of 1997 na dapat ay maprotektahan at maisulong ang karapatan ng mga katutubo sa bansa sa pamamagitan ng NCIP o *National Commission on Indigenous People* na may implementasyon at mekanismo, sapat na pondo, pagpapanatili, pagrereserba ng mga etnolingguwistikong larang ng mga katutubo sa bawat rehiyon. Pangunahin na rito ang mga wika ng mga katutubo sa ating rehiyon. Isa itong kasangkapan na sumsalamin sa kabihasan, tradisyon, nakagawian at kulturang namamahay sa ating mga katutubo sa kabundukan.

Bahagi rin ng mga polisiyang ito na makikita sa sakop ng kanilang proteksyon mula sa seksyon 32 na may pamagat na *Community Intellectual Property* na ang mga ICC/ katutubong mamamayan ay may karapatan na isabuhay at pasiglahin ang kanilang sariling kultura, tradisyon at kaugalian. Dapat iharap, protektahan, at paunlarin ng estado ang nakaraan, kasalukuyan at hinaharap na mga pagpapakita ng kanilang mga

Kultura gayundin ang Karapatan sa pagsasauli ng Kultura, intelektuwal na relihiyon, at espiritwal na ari-arian na kinuha nang walang pahintulot at sapilitan at naunang kaalaamag pahintulot o paglabag sa kanilang mga batas tradisyon at kaugalian.

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang katuwang na ahensya ng pamahalaan upang pangalagaan at paunlarin ang mga wika sa Pilipinas hindi lamang ng Filipino. Ang mga katutubong diyalektong nawawala at namamahay pa sa bansa ay maingat na kinakalap sa pamamagitan ng pananaliksik katuwang ang mga unibersidad sa bawat lalawigan upang maitala



ang mga buhay at namamatay nang wika. Mula sa Almanac na nabuo noong 2018, isa ang Aeta Mag-Antsi sa mga wikang unti-unti nang namamatay. Kung kaya't bahagi sa pag-aaral ng KWF ang alamin ang kanilang mga natitirang wika sa kanilang kaugalian, paniniwala at panitikan. Isa sa mga nakalulungkot na tagpo na walang panitikan ni isa ang naitala sa mga ito. Patunay lamang na sa paglipas ng panahon, pag-unlad at sibilisasyon ay ang paglimot ng mga ito sa wikang isinusod ng kanilang mga ninuno.

Malaki rin ang ginagampanang tungkulin ng mga unibersidad sa reserbasyon ng mga diyalektal na wika upang paunlarin at palawigin ang mga natitirang wika at panitikan sa bansa na pinaniniwalaang nagmula pa bago tayo sakupin ng mga Kastila. Mula sa mga wika ng mga katutubo umaasang may mga mahahalagang panitikan pa rin ang ito sa kasalukuyan. Katuwang sa mga insitusyong ito ang mga Sentro ng Wika at Kultura sa iba't ibang mga lalawigan upang silang patuloy na mag-aaral at manaliksik sa buhay, kaugalian, paniniwala at panitikan ng mga katutubo.

Kaagapay rin ng pamahalaan ang *mass media* sa pagsudsod at panggagalugad sa mga panitikan matatanda sa bansa. Katunyan ang isa sa mga dokumentrayo ni Kara David ng *I Witness* noong 2004 na may pamagat na *Ang Huling Prinsesa* ay isang mahalagang dokumenataryong nagpapakilala sa pagpapahalaga ng mga Pilipino sa mga *binukot*. Sila ang mga kababaihang katutubo na may dala ng susi sa pagyakap ng natitirang epiko sa pamamagitan ng pasalitang panitikan ng mga ito na tinawag nilang Sugidanon. Gayundin ang isang segment sa Kapuso Mo Jessica Soho (2016) ang *pag-feature* sa Ligbok, ang namamatay na wika ng Panay-Bukidnon sa Capiz. Nakalulungkot isipin na ang kanilang mga katutubo sa tribo ay ayaw nang tangkilikin ang kanilang wika upang ipasa sa kanilang mga anak. Kung kaya't ang nakagisnang mga ito na kaugalian at kultura, panitikan at paniniwala nang una ay unti-unti nang naibabaon sa limot simula nang ilibing ang kanilang mga pinuno sa tribo.

Ang mga katutubong Aeta man sa Capas, Tarlac ay katulad sa kuwento at pangyayari ng mga katutubong nabanggit sa una. Unti-unti na rin namang namamatay ang kanilang panitikan, kaugalian at paniniwala. Mula sa datos ng NCIP Region III partikular sa lalawigan ng Tarlac, marami sa mga katutubong Aeta ang napabayaan na ang mga panitikang dapat sana ay patuloy nilang ikinukuwento sa kanilang angkan. Mula sa datos na nakalap ng mananaliksik aminado ang mga opisyal ng NCIP *Service Center* ng Bamban na marami sa mga Katutubong Aeta mula sa mga kabundukan at Sitio ng Kalangitan, Telakawa, Tela Susong Dalaga, Bueno, Mor-Asia at Canouman ay hindi na naitala pa at wala na ang kanilang mga akdang pampanitikan. Tanging mga *elders* ng mga katutubo na iilan na lamang ang nakagagamit na minsan pa nga ay nakalilimot na dahil ang mga angkan ng mga ito ay mananalita na ng Kapampangan sapagkat ito na rin ang pangunahing wika ng mga tao sa bayan. Mahirap aminin na sa dala ng pagbabago, modernisasyon at global na pagtunton ng buhay ng tao unit-unti ring namamatay ang panitikan alinsunod ang kaugalin, paniniwala at tradisyon. Daan upang ang kultura kalaunan ay mabago at matabunan ng napapanahong gawi at kultura ng lipunan na kanilang ginagalawan sa kasalukuyan.

Ang implementasyon ng batas na *Republic Act* (RA) 10533 ay nagsasaad na ang kurikulum ay dapat maging kontekstwal at may sapat na kakayahang umangkop upang paganahin at payagan ang mga paaralan na *i-localize* at pahasayin ang kurikulum batay sa kani-kanilang mga konteksto sa edukasyon at panlipunan. Kung kaya't ang pag-aaral ay may malaking tulong sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino hindi lamang sa pagpapaunlad ng wika maging ng kultura at tradisyon ng mga katutubong Aeta.

Upang mapahalagahan nang lubos ang mga panitikan sa lokal na siyang pawang kakulangan sa mga kagamitan ngayon, minarapat na isalin ang mga *transcribe stories* ni G. Guinto (2022) sa kaniyang *folio* na nakasulat sa wikang Filipino. Ang kaniyang *folio* na DURURU ay kinapapalooban ng mga kuwentong-bayan, alamat at awiting bayan na saling-sabi mula sa kuwento ng mga matatandang Aeta sa sitio Dalig at sitio Manibukyot ng barangay Aranguren ng bayan ng Capas. Mula sa



naitalang mga datos bumuo ito ng mga akdang pampanitikan na magagamit sa pagtuturo. Subalit, mula sa datos na nakalap sa ekstensyong proyekto ng kolehiyo sa pag-aaral ng nanganganib na wika natukalsan na ang ilan sa mga katutubo ay hindi nauunawaan nang lubos ang mga kuwento sa wikang Filipino dala ng kasalatan sa edukasyon. Isa sa mga hakabang na ginawa ng mananaliksik ay ipabasang muli ang nabuong *folio* at natuklasan na dalawa o tatlo lamang sa mga katutubo ang nakaunawa sa naisulat na *folio* sapagkat ang mga ito ay nakapag-aral ng pornal at nakapagtapos sa kolehiyo. Higit itong mapahalagahan wika pa ng isang elder kung ito ay nakasulat sa wikang kanilang nauunawaan. Kung kaya't ang mananaliksik ay isinalin ang mga natipong akdang ito hindi lamang kapakinabangan sa pagtuturo kundi sa pagpapapanatili ng kultura at tradisyon ng mga katutubo sa wikang kanilang nauunawaan upang lubos itong mapahalagahan, maipasa at mapag-aralan ng mga kabataang katutubong Aeta.

Upang maisakatuparan ang layunin ng pag-aaral na ito ang paraan ng mga pagsasalin sa wikang Kapampangan ang siyang naging lagusnilad sa pagrereserba ng mga akdang pampanitikan ng mga katutubong Aeta sa bayan ng Capas, Tarlac sapagkat ang mga ito ay pawang mananalita na ng wikang Kapampangan at hindi na Mag-antsi. Ang kakulangan ng mga babasahing materyal sa mga wikang diyalekto ang siyang binigyang pansin ng mananaliksik upang mapanatili ang mga kuwentong bayan ng mga katutubo lalo't higit sa kanila ang mga kuwentong ito. Magkagayon, mas madali nilang maipapasa sa kanilang mga nasasakupan ang mga kuwentong natipon kung ito ay nakasulat sa wikang kanilang nauunawaan, ang Kapampangan. Makatutulong din ito bilang karagdang materyal sa pagtuturo ng panitikan sa pagsasalokal ng mga kuwentong katutubo upang lubos silang makilala sa kanilang tradisyon, kaugalian at kultura.

Ayon kay Bassnett (2007) ang paraan ng pagtatanong ng bakit ang pag-aaral ng pagsasalin ay kaakibat ng mga kultural na bagay? Ang mga kultural na naipahayag niya rito ay ang mga kulturang maaaring magbago sa paglipas ng panahon upang maitala sa kasaysayan, mga panlitteraturang pag-aaral, leksikal at gramatikang pagbabago at pagka-alam. Ilan lamang din ang mga ito sa mga naging hakbang at proseso sa pagsasagawa ng kasalukuyang pag-aaral upang maisakatuparan ang mga layunin ng pananaliksik, sa gayon ay magkaroon ng kapakipakinabang na kagamitang magtataguyod at magpapapanatili sa panitikang minsan nang nahihimbing lamang sa alaala ng mga katutubong Aeta. Upang mailarawan ang layon, ang mga suliraning ito ang nasagot sa pag-aaral: anong metodo sa pagsasalin ang mainam na magamit sa mga naitalang *transcribe stories* ng mga katutubo?; paano natukoy ang paraan ng pagsasalin sa mga akda batay sa leksikal at gramatika ng ortograpiyang Kapampangan at kung paano natukoy ang antas ng pagtanggap sa magasin kung saan nilikom ang mga saling akda ng mga katutubo.

Ang kakulangan ng mga ganitong pananaliksik ang binigyang tugon ng pag-aaral. Marami sa mga katutubo ang may mga kuwentong nagpapakita ng kanilang kaugalian at tradisyon, mga mitlohiyang pagtunton sa kanilang nakaraan batay sa danas ng kanilang mga ninuno na hindi naitatala sa mga aklat at pag-aaral kung kaya't ang kasalukuyang pag-aaral ang siyang makatutulong upang ito ay maitala at mapahalagahan. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng mga lokal na opisyal ng munisipalidad, mga matatandang katutubong naninirahan sa Capas at ng mananaliksik ay nakabuo ng isang magasing magtataguyod at magpapapanatili sa mga akdang pampanitikan ng mga katutubo sa Capas, Tarlac.

Rebyu at mga Kaugnay na Literatura't Pag-aaral

Ang Pagkawala sa Kabila ng Pag-unlad

Malaki ang bahagi ng mga katutubong Aeta sa pagkakakilanlan ng mga ito sa bansang Pilipinas. Ngunit kung gaano napaunlad ng ibang mga katutubo ang kanilang kultura gayon na lamang kalungkot na ang ilan sa mga lahing Aeta lalo ang



sa mga katutubong Hungey ang kanilang wika ay pumusyaw at unti-unti nang nawawala. Kung gaano kabilis ang pag-unlad ng sibilisasyon gayon naman unti-unting namatay ang kultura ng mga ito. Ang natitira na lamang ay ang mga kuwentong naiwan sa pasalin-dilang sabi ng kanilang mga ninuo. Ang mga katutubong Hungey, Abelling, at Mahawang ay isa sa mga katutubong nagmula sa pamilya ng mga Aeta Mag-Antsi sa Rehiyon 3 na mananalita ng wikang Mag-Antsi at Sambal. Karamihan sa mga ito ay nasa lalawigan ng Tarlac, palibot ng Zambales at Panggasinan. Dito sa lalawigan, ang bayan ng Capas at Bamban ang siyang may maraming katutubong naninirahan sa mga kabundukan, namumuhay at nangangaso. Ang dominanteng wika ng mga ito ay Kapampangan at mangailan-ngilan sa mga matatanda ay marunong ng wikang Mag-Antsi. Hindi na nakikilala ng mga Aeta ang kanilang kinamulang wika't panitikan dala ng kasalatan ng buhay at kakulangan ng edukasyon.

Sa pagkakatuklas sa datos ng ekstensyong proyekto sa kolehiyo sa programang Filipino, nakitang unang dahilan kung bakit nawawala na at nanganganib na mamatay ang kanilang wikang Mag-antsi ay ang madalas na nakikipamuhay sa kapatagan ng mga Aeta kung kaya't itinuturo sa mga kabataang Aeta ang salita ng kapatagan kaysa sa pagpapayabong ng kanilang sariling wika. Ganito rin ang mga pagtalakay ni Araullo (2025) sa kaniyang vlog na ang pagkawala ng wika ay ang pag-usad ng kabihasan mula sa pagpapakilala ng mga amerikano sa edukasyon ay gayon din madaling niyakap ang wikang Ingles na animo'y superyor na wika na hindi namamalayan, ang nawawala na ay ang malalim na kultura, tradisyon at paniniwala at daan upang hindi na naipapasa sa kasalukuyan.

Nakita ng mga katutubo na malaking suliranin sa kanila ang hindi sila maunawaan ng iba kung ang wika ng mga ito ay ang wikang kanilang isinuso, ang Mag-antsi. Pangalawa, dahil sa pag-aasawa. Nakitang malaki ang epekto ng pakikihalo ng ibang lahi sa paraan ng pananalita at pakikipagtalastasan sa iba lalo na ang mga ito ay nahaluan ng ibang kultura at pag-uugali. Kadalasan ay sumusunod ang mga katutubo sa kultura ng kanilang napangasawa at hindi ang kanilang kultura't tradisyon. Ikatlo ay ang paghahanap-buhay. Dala ng kahirapan at kalam ng sikmura kung kaya't napilitan ang ibang mga katutubong kalalakihan na magtrabaho bilang kargador, karpintero at utusan sa mga establisyemento sa bayan. O kaya ay ang patuloy na panlilimos at pagtitinda ng mga bunga ng saging, kamote, gabi at halaman sa mga kalsada. Ang mga katutubong Aeta ay may mayamang panitikan na nababalot sa pasalit-sabing dila ng kanilang mga ninuno. Ang mga ito ay mga kuwentong bayan na matagal nang pinaniniwalaan ng kanilang tribo, ukol sa panliligaw, pag-aasawa at paghahanap-buhay. Batay sa tala, sa mga natipong mga akdang pampanitikan nakita na ang kuwentong bayan, alamat at mga awiting bayan ang mga panitikang natitirang pasaling-sabing taglay pa ng mga katutubo. Nagkaroon ng *transcribe stories* sa pag-aaral ni Guinto (2022) sa mga pampanitikang nabubuhay pa sa mga ito. Naging tampok ang tinatawag na *elders* o mga matatanda sa tribu na siyang nagsilbing pangunahing kalahok sa kaniyang pag-aaral upang makalikom ng datos. Ang kuwento ng kanilang danas sa pakikipamuhay at pakikipagsapalaran ay ang mga pagtatala at pagsasalaysay sa pag-aral niya. Mula sa mga ito, natuklasan niyang sa mga pagkukuwento at pakikihalubilo sa mga katutubo ay lumalabas ang ganda at taglay pang panitikan ng mga katutubo sa tribo. Sinikap niyang makabuo ng *folio* upang maitala ang bawat akda sa wikang Filipino. Ang pagkukuwento sa kanilang pakikipamuhay sa bayan, karanasan sa pakikipagligawan at pagkakasal, maging ang mga elementong hindi nila nakikita na hatid ay katatakutan gaya ng maligno, kapre at tikbalang ang siyang pangunahing tampok sa kaniyang mga akda sa loob ng *folio* na tinawag niyang Dururu. Ngunit ang naging sagabal dito ay ang wika na karamihan sa mga katutubo ay mananalita na ng Kapampangan at hindi na ng kanilang wikang Mag-antsi kung kaya't ang wikang Kapampangan ang ginamit na wika sa pagsasalin ng *folio*.



Ang Kolonyal na Pagtatagpo

Mayaman ang bawat tao sa kuwento batay sa danas mula sa iba't ibang genre nito. Sa mga akdang pampanitikan na nobela, dula at maikling kuwento ay ilan lamang sa mga akdang tuluyan. Namahay sa mga katutubong Aeta ang alamat at mga kuwentong bayan na siyang napanatili sa mga katutubo ng kanilang panitikan sa kasalukuyan.

Itinala ni Wamock (1999), na ang kolonyadong estado na mapapanatili sa mga unang tao/katutubo ay ang kanilang panitikan. Sa kaniyang mga pahayag pa na dahil sa pagtuturo ng pamumuhay, kagandahang asal at pagkilala sa tradisyon at kultura tanging pagkukuwento lamang ang mananatiling susi upang mapag-ingatan at mailagak sa tribo ang kanilang kaugalian. Mapahalalagan ang *Ethnic Literature* dagadag pa niya sa pamamagitan ng pagkukuwento kahit hindi ito naitatala sa mga aklat. Isa itong angkla at dahilan upang masabing ang panitikan ay buhay, kung paanong nagagamit ang wika siya man din ang mga kuwentong nagpapaikot-ikot sa bawat henerasyong isinisalang ng mga katutubo.

Pinatunayan ito nina Chao at Xie (2024), sa kanilang pag-aaral na may malaking impak ang may kahusayan sa pakikipag-usap upang matunton ng isang katutubo ang kaniyang lahi, tradisyon at maipakilala ang kanilang Katangian at kaugalian sa pamamagitan ng pakikipag-usap at mahusay na komunikasyon. Ganito nabuo ang pag-aaral ng mga natipong akda ng mga Katutubong Aeta kaya't naisalin sa ibang wika sa Kapampangan upang malubos ang pag-arok sa kanilang tradisyon at kultura sa iba pang wika.

Nagpatunay rin si Holloway (2005), na sa nakalipas na tatlumpung taon naipakita at nasasaksihan pa rin ang sagisag ng literatura at kultural na pag-aaklas at rebulasyon sa mga Aprikano, Katutubong Amerikano, at Tsino-Amerikano na patuloy sa nagpapahalaga at umuusbong sa bawat pag-aaral at pananaliksik ng mga ito. Gaya sa Pilipinas maigting na pinalalawig ng pamahalaan ang pagreserba sa mga kulturang namamahay sa iba't ibang rehiyon sa Pilipinas. Pinalalago ng KWF ang wika at dialekto samantalang pinalalawig at pinananatili naman ang mga kultura at tradisyon sa tulong naman ng ahensyang National Commission on Indigenous People o NCIP.

Nagkaroon din ng paglilinaw si Martin (2015), na ang katutubong panitikan ng Britania ay nagpapakita ng isang kulturang magkakahalo na mga kultura. Marahil, dala ito ng migrasyon at paninirahan ng mga ibang mga lahi sa estado upang makapagpakilala ng umuusbong na rebelasyong pagbabago ng kultura.

Ang paniniwalang kaiba sa iba ay higit na kinagigiliwan sa mga bansang kanluranin at nabibigyan nila ito ng panibagong pansin lalo kung ito ay nakatuon sa gawi, kilos at interes ng tao. Ang anomang pagbabago na nararanasan ng tao ay higit na kapansin-pansin upang ito ay gawin at panatilihin daan upang magkaroon ng pinagsamang kultura sa iisang bayan. Hindi malayong magkaroon ng kolonyang estadong kultural ang isang lahing nakaalam at minahal ang tradisyon at paniniwala ng iba lalo kung ito ay nagdadala ng bagong kasiyahan at kaaliwan sa kaniya.

Samantala si Phan (2001), isang Vietnamese pinanindigan niya na umuukit ang tao aniya ng kaniyang kultura sa sarili nitong kasaysayan. Napalalago nito ang kaniyang sining, gawi, awitin at kuwento sa mga lahing nagpasalin-saling henerasyon. Ngunit, maaaring magbago ito dahil sa pagtataguyod ng pamumuno sa pulitika, ekonimiya, at sosyolohikal na kondisyon ng pagbabago sa lipunan. Katulad sa paghahanap ng trabaho at paghahanap-buhay, may kaugnayan ang pinagmulang lahi ng mga ito, ang kakayahan sa pamumuno at kasapatan sa trabaho.

Alam naman nating ang tao ay nagpupumilit na makaigpaw at nakikibagay sa lipunang kaniyang ginagalawan. Ano man ang mga pagbabago, ito ay patuloy na magagampanan ng tao makaluma man ang nakagisnan nito dahil patuloy itong mag-aaral at magsusumiksik sa sosyolohikal na kulturang namumuo sa lipunan. Ang paraan ng pamumuhay at pakikibagay ang



magiging simula ng pagtatagpo sa pagbabago at pag-unlad kaya't masasabing habang lumalago ang lipunan ay namamatay naman ang mga nakagisnan.

Kung palalawigin ang diskurso, masasabing ang kanilang talastas at pagsasalaysay ay nagpapakita sa mga katutubo ng kawalan ng damdaming makabansa at makabayan. Kakikitaan ng mapait na mga paliwanag at pagtalikod sa nakagisnang kahusayan at kaugalin ng mga katutubo dahil sa pagka-uhaw ng mga ito sa pagbabago. Ang pagpapa-alipin sa mga bagong tradisyon at paniniwala ang siyang naging bunga ng pagpatay sa mga iniingatang tradisyon at kultura ng kanilang tribo at/o katutubo. Ang kolonyang estado ng mga ito sa wika, kilos at gawi ang nanatili upang maipakita ang pagbabago at makalimutan ang dating paniniwala at kultura. Gayundin ang tinukoy ni Nibalvos (2019) sa kaniyang pag-aaral na may pamagat na Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa. Marami ang tinukoy nitong pagbabago sa pagbuo ng pag-usbong ng panitikan sa Pilipinas mula sa pagkahilig sa mga babasahin at panooring banyaga gaya ng *Fifty Shades of Grey*, *Lord of the Rings*, *Harry Potter* at iba na nagpapalimot sa mga akdang Pilipinong isinulat ng mga mahuhusay at premyadong manunulat ng bansa. Hindi ito nalalayo sa isinasagawang pag-aaral ng mananaliksik sapagkat ang mga naunang panitikan ng mga Katutubong Aeta sa bayan ng Capas ay unti-unting naglaho na at napanatili na lamang ng mga ito sa kanilang pasaling-dilang pamamaraan. Kung kaya't isinagawa ang pagtitipon at pgrereserba ng kanilang mga paniniwala at kultura.

Pagtataguyod at Pagpapanatili

Patuloy na nagbabago ang panahon at tumutulay sa globalisasyon magkayaon man marami pa rin sa mga iskolar sa kasalukuyan ang nagiging daan upang mapanatili at mahalukay ang mga sadyang nililimot na mga kaugalian at paniniwala ng mga katutubo dahil para maibaon sa limot ang nakagisnan at kultura sa/ng bayan.

Sa pag-aaral ni Che Lah (2014) nilayon niyang tuklasin ang mga etnikong turismo tungo sa estratehiyang pagreserba ng mga wika at kultura sa kaniyang bansa. Gayundin, sa pagpapanatili ng kanilang mga likas na yaman ang siyang mapagkikilanlan ng kanilang bayan sa mga piling komunidad ng Bateq Orang Asli sa bahaging peninsusla ng Malaysia. Katulad ng kasalukuyang pag-aaral nilayon ding mapanatili ang panitikan ng mga Katutubong Aeta na mananalita ng Mag-Antsi sa bayan ng Capas, Tarlac upang maipakilala pa sa mga susunod na henerasyon na ang mga Aeta sa lalawigan ay may nakatagong kuwento sa kanilang nakaraan.

Samantala ayon kina Qubumo et al.(2013) mula sa institusyon ng *Chinese Ethnic Literature* nakapagtala sila ng mahigit sa apatnapu't tatalong minoryang epiko mula kay haring Gesar isang Mongolian na epiko ni Jangar at Kirgin na epiko naman ni Manas na magpahanggang sa kasalukuyan ay itniantanghal at inaawit sa harap ng mga mamamayan nito. Ganito makikilala na ang kanilang bansa ay may matatag na pagpapanatiling programa para sa kanilang mga tradisyon at kultura.

Nakapagtala naman ng dalawampu't isang mga ponemang wikang Tabuid sa pag-aaral naman ni Lazo (2019). Anim sa mga patinig at labinlimang katinig mula sa mga katutubong Mangyan sa kanilang tribo. Mula sa estratehiya nitong pakikipanyam sa kaniyang *focus group discussion*, pagrerekord ng bidyo, obserbasyon at pakikisalamuha ay nakakalap ito ng datos upang masabing buhay pa ang etnolingguwistikong pangkat Tabuid, Mangayan. Gayundin ang kasalukuyang pag-aaral na may layuning makapagtala ng mga akdang pampanitikan ng mga Katutubong Aeta na naisulat at naisalin sa wikang Kapampangan.

Nagkaroon naman ng pagsusuri si Esman (2008), na ang resulta ng reserbasyon ng turismo sa mga katutubong Louisiana Cajuns ay nagpanitli sa kanila ng mataas na pagkilala sa kultura't identidad ng mga ito upang maging atraksyon ng turismo



sa kanilang bayan sa kabila ng mga panloob na suliraning pambansa tungo sa pagpapalakas ng ng etnikong dulog ng kanilang turismo. Isang magandang impak na magpapakilala upang gawin at pamarisan sa kanilang pagpapahalaga. Sa malao't madali ang pagsasalin ng mga kuwentong Aeta sa bayan ng Capas ang siyang magsisilbing moog din upang mapalakas at mapalago rin ang wikang Kapampangan sa Rehiyon 3.

Ang Ortograpiyang Kapampangan

Mula sa nailathalang Bayung Ortograpiyang Kapampangan ng Komisyon sa wikang Filipino natunton ang paraan at paliwanag sa gramatika ng wikang Kapampangan. Sa talakay nina Samson et al. (2016), ang grafema ng mga Kapampangan ay binubuo ng dalawang set (adwang dake) na tinawag na titik (letra) at di-titik (ali-letra). Sa tuntunin ng mga panghihiram ng mga salita, ang Kapampangan ay lantad sa sitwasyong multilingual, kung kaya ang pagkatuto ay sa pagbaybay na nasa dalawang antas na ang una ay kung paano ito binbigkas ay gayundin ang baybay. Halimbawa, **notbuk** para sa *notebook*, **titser** para sa *teacher* at katulad pa ng mga ito. At ang ikalawa naman ay ang baybay Ingles kung kinakailangan gaya halimbawa ng *crochet*, *taxi*, *fax*, *iodine*, at marami pang katulad ng mga ito. Sa modernisadong alpabeto, ang **c, f, j, ñ, q, v, x** at **z** ay pangunahing ginagamit ito sa pagpapanatili ng mga kahawig na mga tunog sa pagsulat ng mga salitang katutubo, tanging ngalan, salitang teknikal, salitang pang-agham at mga salitang hindi natural na estilo. Sa mga kambal patinig naman karanawian lang kapag ang magkasunod na patinig ay nasa mababang A at mataas na patinig ang mga I o U ang mga titik ay napapalitan ayon sa tunog na titik sa alpabeto gaya ng **W** at **Y**. Halimbawa, **minaua** nagiging **minawa**, **bauan** para sa **bawan** **taian** naman sa **tayan**. Katulad din ng mataas na patinig gaya ng **iugse** sa **yugse**, **ua** sa **wa**, **ia** sa **ya**. Sa mahalagang gamit pa ng titik **W** isinisingit sa kambal patinig na **UA** at **UE** gaya ng **kuartu** sa **kuwartu** at **kuentu** sa **kuwentu**. Kung nasa mataas na patinig naman ang U mapapalitan ito ng W. Halimbawa, **pauas** sa **pawas**, **bauan** sa **bawan**, **siuala** sa **siwala**. Sa mabilis namang tono at bigkas ang titik U sa isang salitang Kapampangan ay nawawala at napapalitan ng titik W. Halimbawa, **suam** sa **swam** (lutong ulam na mais), **luwal** sa **lwal** (labas), **kua** sa **kwa** (kinuha) at **sua** sa **swa** (suha). Mahalaga din ang gamit ng titik **Y** sa kambal patinig na IA at IE. Isinisingit ito sa pagitan ng kambal patinig. Gaya ng pianu sa piyanu, siyasa sa siyasat, siempre sa siyempre. Samantala napapalitan din ng **Y** ang mataas na patinig na I na nasa ikalwa o iba pang pantig ng salita. Gaya ng akasia sa akasya, **ukiat** sa **ukyat** at **bagia** sa **bagya**. Gayundin kung bibigkas ang salita sa mabilis na paraan nakakaltas ang mga patinig na I. Halimbawa, **lias** sa **lyas** (kuto), **piak** sa **pyak** (pikit) o kaya naman ng **kiak** sa **kyak** (iyak). May mga salita sa Kapampangan na pareho ang baybay ngunit magka-iba ang kahulugan gaya ng **balatung** sa **tuldik** diin na malumi ay monggo ang kahulugan ngunit kung ito ay maragsa ang **balatung** ay nangangahulugang mali-mali sa pagsasalita. Gaya pa ng **pali** (init) **pali** (palaihi). Gayundin sa unlaping tiya- kapag sinusundan ito ng pamilang o numero walang gitling sa paggamit ng buong salita. Halimbawa, **Tiya-7** okaya'y **tyapitu**. Sa paraan naman ng pagkakaltas at pagtitipid na kilalang kilalang gawain ng mga Pampango sa pagpapaikli ng serye ng mgas alita upang paikliin pa ang isang parirala. Halimbawa, "*oh bakit?*" pinaikli ng **obat** / **ot**. "*Bang kanita*" pinaikli sa **bangknta** > **banta**.

Sa pananaliksik ni Crisna Joy Baja (2023), na Paghahambing ng wikang Kapampangan sa iba pang Prinsipal na Wika Ayon sa Ortograpiya, Ponolohiya, Morpolohiya at Sintaks naipakita na ang "*ang*" sa pagsisimula't pagpapakilala ng pahayag ay nagiging "**ing**", dahil sa naimpluwensiyahan rin ng kastila ang wikang Kapampangan nagkaroon ng paggamit ng /c/ at /q/ gayundin sa Amerikano ng /k/, /x/, /f/, at /w/. Pinanindigan ding walang titik /h/ ang mga salita nito sa pagbigkas ngunit kapag nagtatapos sa patinig ang salita ay may tunog /h/ o pasutsot sa dulo ng mga salita. At kapag nalalapian ang salitang-ugat nagbabago ang diin nito. Ito ang mga tuntuning nasunod sa pagsasalin ng mga transcribe stories upang lubos itong maunawaan ng mga katutubo at mapangalagaan at mapanatili ang wikang Kapampangan.



Saklaw at Delimitasyon

Sa pag-aaral na ito, isinalin ang mga akdang pampanitikan sa *folio* ni Guinto (2022) sa wikang Kapampangan upang mapanitili at maitaguyod ang sosyo-kultural na pagpapahalaga sa panitikan ng mga Katutubong Aeta sa lalawigan ng Tarlac. Hindi ito naisulat at naisalin sa wikang Mag-Antsi sapagkat hirap na hirap ang mga katutubo sa paggamit ng wika dahil sa nakalimutan na kung paano ito bigkasin, gamitin at bigyan ng katapat na tumabs sa wikang etniko ng mga ito. Sa pamamagitan ng salin sa wikang Kapampangan ay lalong maipapakilala pa ang karanasan at kulturang namamahay sa mga katutubong Aeta sa bayan ng Capas sa lalawigan ng Tarlac. Ang mga akdang pampanitikan na naitala batay sa kulturang buhay na buhay magpahanggang ngayon sa kabundukan ng Sitio Dalig at Sitio Manibukyot, Capas Tarlac na ang mga katutubong naninirahan ay mga Aetang Hungey/Abelling na siya ring nagbalido sa konteksto ng *folio* at nabuong isinaling akda sa pag-aaral. Naisentro sa wikang Kapampangan ang pagsasalin sapagkat ito ang lokal na wikang sinasalita sa lalawigan maging ng mga katutubo. Ang dalawang katutubong *elders* na Aeta na may edad na walampu (80) pataas ay nakapagkuwento ng kanilang panitikan na nagmula pa sa mga matatandang ninuno na namana nila dahil sa pasalin-dilang paghahayag.


Upang matukoy ang layunin ng pag-aaral binigyang paliwanag ang mga sumusunod: Una, ang mailarawan ang mga akdang pampanitikang nabubuhay pa sa mga katutubong Hungey at Abelling; ikalawa, makapagsalin ng mga akdang pampanitikan ng mga katutubong ayon sa pamamaraang *meaning – based translation* ni Mildred Larrison mula sa *folio* na binuo ni Guinto (2022). Ikatlo, makabuo ng isang kagamitan na masusuri batay sa leksikal at gramatika ng ortograpiyang Kapampangan. At sa huli’y matukoy ang implikasyon ng kagamitan sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino. Ang ganitong pag-aaral ay lubos na makatutulong sa mga katutubo upang mapanatili ang kanilang pantikan, tradisyon at kultura. Ito rin ay magpapaunlad at magpapalago sa pagtuturo ng mga guro at kurikulum ng programa, adminstrasyon at mga susunod pang mananaliksik sa Filipino. Higit na mapapanatili ang mga akdang katutubo na siyang kabilang sa Rehiyon 3 upang maipalaganap pa ang mga nannatiling akda ng mga ito magamit bilang batayan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga akdang pampanitikan, historikal na pagtanaw at pagsusuri. Ang pagkakaroon ng ganitong mga proyekto ay magiging ambag sa mga kahingian ng mga pangngailangan para sa mas mataas na pagsusuri’t pagtataya ng ACCUP sa programang Filipino. Gayundin, ang pag-aaral na ito ay maaaring makapagbigay ng karagdagang impormasyon at magamit bilang batayan o datos na siyang magpapalawak ng iba pang pag-aaral.

Konseptwal na Balangkas

Ang bawat proyekto, pag-aaral at pananaliksik ay may nakalaang proseso upang maging matagumpay at magaan ang paraan ng paghahatid, pangangalap at paglilikom ng mga datos. Sa pag-aaral na ito ginamit ang modelong ADDIE na siyang higit na mainam na proseso’t modelo sa isinagawang pag-aaral.

Figyur 1

Prosesong Daloy ng Pag-aaral






Makikita sa balangkas ang limang proseso ng pananaliksik kung saan ang pag-aaral ay maingat na nabuo batay sa sumusumod na mga hakbang: Una, ang *Analisis*. Sa bahaging ito ng pag-aaral, tinukoy at inalam ng mananaliksik ang mga wikang maaaring magamit sa pagsasalin ng mga tinipong *transcribe stories* sa pag-aaral ni Guinto, (2022) upang higit itong maipakilala at maipalaganap na may mga akdang pampanitikang umiiral pa sa mga katutubo. Mula sa mga panayam nakitang higit na dominante ang wikang Kapampangan sa mga Katutubong Aetang Hunguey at Abelling. Ang wikang Kapampangan ang mayoryang wikang sinasalita ng mga ito kung kaya't ito ang ginamit sa pagsasalin. Gayon din inalisa ang modelong maaring magamit sa pagsasalin kung kaya't ang modelo ni Mildred Larson na *meaning based-translation* ang siyang nakitang pinakamainam na paraan ng pagsasalin sa konteksto ng mga kuwentong baya't alamat ng mga katutubo.

Ikalawa sa proseso ay ang *Disenyo*. Dito inilapat ang kagamitang makatutulong ng higit kung paano mapagaganda ang disenyo ng mabubuonag kagamitan. Upang matipon nang may kaayusan ang mga akda, ang magasin ang siyang naging lunasaran ng pagbuo sa mga isinaling akdang pampanitikan ng mga katutubo na may pamagat na "Istroya Keta Capas". Ginamitan ng *canva application* ang disenyo ng magasin at inilapat din sa aplikasyong *flipbook online*, sa gayon ang magasin ay hindi lang mababasa sa papel maging sa mga teleponong naabot ng makabagong teknolohiya. Ang mga larawang idinikit sa mga pahina ng magasin ay mula sa mga personal na panyam ng mananaliksik at sa mga kuhang larawan ng opisina ng NCIP na pinahintulutang gamitin para sa pag-aaral. Ang ikatlo ay ang *Development o pagbuo*. Sa prosesong ito ng pag-aaral, makikita sa ibaba ang prosesong inilapat sa pagdeblop ng pagsasalin ng mga natipong akdang pampanitikan na siyang isinalin sa nabuong magasin. Narito ang proseso sa isinagawang pagsasalin:

Figyur 2

Modelong Salin mula kay Larson (1984)



Mula sa *folio* ng mga natipong *transcribe stories* ni Guinto (2022) sa wikang Filipino isinalin sa panibagong kagamitan ang mga akda bilang pagpapahalaga sa mga lokal na wika ng bayan, ang wikang Kapampangan. Ang *tekstong isasalin* ang unang hakbang sa modelo ni Larson. Gamit ang *transcribe stories* na nakasulat sa Filipino ang siyang (L1) pinagmulang wika, nagkaroon ng pagsusuri sa ortograpiyang Kapampangan na siyang (L2) patutunguhang wika sa teksto ng kagamitan. Upang magampanan ang ikalawang hakbang ang *pagtuklas sa kahulugan*, sinuri ng mananaliksik ang bawat kahulugan ng mga salita sa Filipino na may tumbas sa wikang Kapampangan upang maisalin ang mga akda. Sa ikatlong hakbang na pagbibigay *kahulugan*, matiyagang binuo sa pamamagitan ng pagsasalin sa wikang Kapampangan ang mga natipong akda. Nagkaroon ng pakikipanayam sa mismong mananaliksik na tumipon ng *transcribe stories* batay sa danas ng mga katutubo sa kaniyang mga kuwento. Gayundin nagkaroon ng pagkikita ng personal ang mananaliksik sa mga katutubong nagpatunay na ang mga akdang ito ang kanilang kuwento na nagpasaling-sabi ng kanilang mga ninuno bagaman may mga kuwentong



hindi tumutugma sa mga *transcribe stories* ni Guinto, nilinaw ito ng kasalukuyang pag-aaral. Dito bumuo ang mananaliksik ng mga akda. Mula sa mga kuwentong bayan, awitin at alamat ng katutubong Aeta sa Capas, nabuo ang “*Istorya Keta Capas*.” Sumunod ay ang ikaapat na hakbang, ang *muling salin*. Mula L1 patungong L2 ng mga naisaling mga akda, ang mga ito ay nirebisa sa pamamagitan naman ng mga suhestyon at komento ng mga katutubong Aeta na silang elders na nakakaalam sa kabuon ng bawat kuwento. Dito nilinaw ang ilang mga pahayag mula sa *transcribe stories* at inilapat ang angkop na mga kaganapan sa bawat kuwento. Higit nilang naunawaan ang mga akda matapos basahin ang mga akda na natipon sa nabuong magasin. Malaki ang impluwensiya ng wikang Kapampangan ng mga taga-Capas, Tarlac sapagkat ito na ang ginagamit na wika ng mga katutubo sa kasalukuyan sa gayon ay nakapagbigay muli sila ng mga karagdagan at kabawasan sa mga detalyeng nakalap sa *transcribe stories* ni Guinto (2022). Matapos ang rebisyon, nabuo ang *pinal na salin* na siyang huling hakbang sa pagbuo ng mga tinipong akda sa magasin bilang isang makabuluhang kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga panitikang namamahay sa mga katutubo sa bayan ng Capas Tarlac.

Ang sumunod na hakbang ay ang *Implementasyon*. Sa bahaging ito ng pananaliksik ay ang paghahanap sa mga kalahok na balideytors na siyang sumuri sa isinalin na mga akda sa mga natitirang panitikan ng mga Katutubong Aeta sa Capas, Tarlac. Ang mga naging tagasuri at ebalweytor sa nabuong magasin sa mga akdang isinalin ay ang dalawa sa mga komisyoner ng wika, at dalawang dating direktor sa mga opisina ng Pamantasang Sentro ng Wika at Kultura at Tarlaqueño’s Studies ng Tarlac State University, at isang opisyal ng *National Commission on Indigenous People* (NCIP) sa munisipalidad ng Capas.

Ang huli ay ang *Ebalwasyon*. Sa bahaging ito ng pag-aaral, binalido ang magasin gamit ang talatanungan. Ang talatanungang naipabalido ang siyang ginamit sa pagsagot ng mga eksperto. Ito ay may dalawang kategorya sa pagtataya: (1) Ang mga kaugnayan sa pamantayan ng pagsasalin tungo sa target na wika (leksikal at ortograpiyang Kapampangan), at (2) Ang mga kaugnayan sa pisikal na presentasyon ng kagamitan (larawan, titik at sukat, kulay, at kabuoang ayos ng kagamitan). Maingat na sinukat at sinuri ng mga kalahok na balideytors ang bawat detalye sa pagsasalin ng mga tinipong akdang pampanitikan ng mga katutubong Aeta. Mula sa suhestyon at komento ng mga balideytors ang siyang sinunod sa muling rebisyon ng magasin na may pamagat na “*Istorya Keta Capas*”.

Katulad sa pag-aaral ni Dela Peña (2023), nagkaroon din ng balidasyon sa nabuo niyang online modyul sa pagsasalin na kung saan ang modyul ay sinuri ng mga eksperto batay sa layunin, nilalaman, presentasyon at organisasyon, pagsubok at pagsasanay samantalang ang sinuri sa kasalukuyang pag-aaral ay ang mukha ng pisikal na anyo ng magasin at mga wikang isinalin mula sa mga etnikong akda ng mga Aeta sa bayan ng Capas.

Mula sa aklat ni Novianti (2012), nasundan ang paraan ng pagsasalin sa bawat akdang namamahay sa mga katutubong pampanitikan ng mga Aeta sa bayan ng Capas, Tarlac sa proseso ni Larsson. Mula sa mga natipong akda sa pag-aaral ni Guinto (2022) na nakasulat sa wikang Filipino ay tinumbasan naman sa wikang Kapampangan ng mananaliksik sa gayon ay higit na nauunawaan ito ng mga mag-aaral na mananalita ng wikang Kapampangan sa bayan ng Capas at mas lalapit ang interes sa pagbasa ng panitikan ng mga Katutubong Aeta. Maging ng mga katutubo sa nasabing bayan ay kinagiliwan ang magasin na kanilang sariling kuwento, paniniwala at kaugalian.

Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral ay may disenyong deskriptibo at pagsasalin ng mga akda ng mga katutubong Aeta sa bayan ng Capas. Ginamit din ang disenyong *Research and Development* (R&D) sa pagbuo at pagdedebelop ng karagdagang batayan para sa pagtuturo ng panitikan laan sa mga guro ng Filipino at basehan sa pagtitipon ng mga akdang pampanitikang Kapampangan. Ito ay nasukat at nasuri batay sa leksikon, gramatika, at presentasyon. Isang kapakipakinabang na materyal na magtutulay sa mga



akdang pampanitikan ng mga Katutubong Aeta sa bayan ng Capas, Tarlac. Gayundin ang deskriptibong pagsasalin sa wikang Kapampangan ng mga kuwentong bayan at kung paano namuhay at nagpakita ng natatanging kultura sa pamamagitan ng mga kuwentong nagsipag-ugat na sa kanilang kasaysayan at tradisyon.

Participants

Ang *purposive sampling technique* ang ginamit na pamamaraan ng pagpili sa mga *participant* sapat upang makatugon sa kasalukuyang pananaliksik. Nilahukan ito ng limang (5) kinikilalang muhon sa larang ng etnikong pangwikang Kapampangan upang tayain ang leksikon at gramatika at presentasyon ng nabuong magasin. Kasama ring kalahok ang limang (5) mga *elders* na katutubo sa antas ng pagtanggap ng nabuong magasin, dalawang (2) *elders* na nagpatunay sa nilalaman ng nabuong mga akda sa pamamagitan ng *focus group discussion* at limang (5) guro sa Filipino sa antas naman ng pagtanggap sa magasin bilang karagdang kagamitan sa pagtuturo ng panitikang rehiyon. Ginamit ang talatanungan upang makita ang antas ng pagtanggap sa nabuong magasin bilang karagdang kagamitan sa pagpapaunlad at pagpapalawig ng mga pampanitikang pangkultural.

Instrumento

Ang talatanungan na ginamit ay may dalawang bahagi upang masukat at maipakita ang balidasyon sa magasin. Tinaya ang leksikal at gramatika sa ortograpiyang Kapampangan sa bahagi ng pagsasalin sa mga akda. Ang nabuong magasin naman ay nasukat sa kaniyang larawan, titik at sukat, kulay at kabuong ayos ng disenyo. Ipinabalido ang talatanungan sa mga eksperto at mga guro sa wika, sapat upang matiyak ang kaangkupan at kaayusan sa mga hinihingi sa pag-aaral. Ginamitan din ng *frequency count* upang mataya ang antas ng kanilang pagtanggap sa pamamagitan ng pormularyong ito, ibinuod ang mga datos at pagkatapos ay sinuri sa pamamagitan ng kabuuang *mean (weighted mean)*.

Ang kabuuang *mean* na makuha ay binigyang-kahulugan sa pamamagitan ng sumusunod:

Iskor	Weighted Mean	Antas ng pagtanggap	Interpretasyong Berbal
5	5.0 – 4.99	Pinakamataas na katanggap-tanggap	Lubos na Balido
4	4.0 - 3.99	Lubos na katanggap-tanggap	Higit na Balido
3	3.0 - 3.50	Katanggap-tanggap	Balido
2	2.0 - 2.99	Hindi gaanong katanggap-tanggap	Mahina
1	1.00 - 1.99	Hindi katanggap-tanggap	Hindi Balido

Pamamaraan

Ginamit ang pamamaraan sa teoretikal na pananaw ni Mildred Larrison, ang *meaning-based translation*. Ang mga natipong akdang pampanitikan na nakasulat sa Filipino ang siyang isinalin sa wikang Kapampangan upang mapag-aralan, mapaunlad at mapagyabong ang isa sa mga wika ng Rehiyong 3. Sa proseso ng pag-aaral, ginamit ang ADDIE Model upang maipakita ang mga hakbang sa pagbuo, pagtataya, at pagsusuri ng mga eksperto hanggang sa rebisyon ng salin sa nabuong magasin mula sa rekomendasyon at suhestyon ng mga balideytors. Matapos ang pag-aaral, balidasyon at pagtukoy sa antas ng pagtanggap ang nabuong saling kagamitan ay idinaan sa legal na copyrighting upang ito ay manatiling pribado at maingatan ang karapatang ari ng mananaliksik. Nagtungo rin sa munisipal na bayan ng Capas ang mananaliksik upang pormal na ma-endorso at mabigyan ng resolusyon na ang ginawang kagamitan na makatutulong sa pagreserba ng mga akdang pampanitikan ng mga Aeta sa bayan ng Capas, Tarlac.



Konsiderasyong Etikal

Isinaalang-alang ng mananaliksik ang kompidensyal at pribadong karapatan ng mga katutubo sa kanilang mga kuwentong-bayan, awitin at alamat. Ang mananaliksik ay sumunod sa *ethical protocol* ng unibersidad na dumaaan sa proseso ng pagsusuri at pagtataya sa mga talatanungang ginamit para sa mga katutubo, sa mga liham na ginamit hanggang sa paghingi ng pagpapahintulot sa mga kinatawan ng opisina ng NCIP sa Capas upang magkaroon ng *cross-validation* sa mga nakalap na kuwento sa mga *elders* ng mga katutubo sa *folio* ni Guinto (2022). Ang mananaliksik ay nakipag-ugnayan din sa mga kabataang katutubo na mananalita ng wikang Kapampangan kung ang magasing nabuo ay higit na mainam na kagamitan sa pagpapanatili ng kanilang panitikan at hindi tumatalakay sa sensitibong karapatan, kaugalian at kultura ng mga ito. Sa kabuoan, ang sensitibong tuon sa karapatan, kaugalian at kultura ng mga katutubo ay napangalagaan at naingatan.

Resulta at Pagtatalakay

Ang pag-aaral na ito ay may malaking ambag sa pagpapanatili sa etnolingguwistikong pagpapahalaga sa mga yaman na panitikan ng mga katutubo. Ang paraan ng pagsasalin ang siyang naging daan upang maisalok ang mga akdang dapat pagyamanin sa wikang Kapampangan ng mga katutubo. Ang paggamit ng wikang lokal ng bayan ang siyang naging lundayan upang magkaunawaan sa paghahatid at pagkilala sa mga akdang namamahay pa sa mga Katutubong Aeta Hungey at Abelling.

Ang pagtataya at pagsusuri sa pananaliksik na ito ay dumaaan sa dalawang proseso. Una, makapagsalin ng mga tinipong akdang pampanitikan ng mga katutubong Aeta ayon sa pamamaraang *meaning – based translation* ni Larrson gaya ng kuwentong bayan, alamat, at awiting bayan sa leksikal at gramatikal na tuon ng ortograpiyang Kapampangan; ikalawa, makabuo ng isang kagamitan na masusuri batay sa gramatika at presentasyon. At huli'y matukoy ang implikasyon ng kagamitan sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino.

Ang magasing “ISTORYA KETA CAPAS, TARLAC”

Ang magasin ay kinapapalooban ng mga kuwentong-bayan, alamat, at awiting bayan ng mga katutubong Aeta Hungey at Abelling sa bayan ng Capas, lalawigan ng Tarlac. Mula sa orihinal na *transcribe stories* ni Guinto, (2022) ang mga natipong akdang pampanitikan sa Filipino. Ginamit sa pag-aaral ang kahusayan at kagalingan ng makabagong aplikasyong *canva* sa pagdidisenyo, pagpili ng kulay, at mga magagandang imahe na nagpatingkad upang makapukaw ng interes sa mga mambabasa ang kagamitang nabuo. Nilahukan din ng aplikasyong *flipbook* sa internet upang madaling ma-access at matagpuan ng mga kalahok ang magasin na nasa malalayong lugar maging ng mga iba pang nagnanais na malaman, makita at mabasa ang magasin sa gayon ay maibahagi ang mga kuwentong Katutubong Aeta sa bahagi ng Rehiyon 3 bayan ng Capas, Tarlac ay buhay rin at naisulat na. Narito ang mukha ng magasin:



Figur 3
Ang Mukha ng Magasin sa aplikasyong online



Figur 4
Ang Mukha ng Naimprentang Magasin



Resulta ng Leksikon at Gramatika sa Ortograpiyang Kapampangan

Ang paggamit ng wikang Kapampangan ay buhay na buhay sa mga Katutubong Aeta sapagkat ito ang naging dominanteng wika ng bawat tribo.

Mula sa teorya ni Larson, nakitang ang mga saling salita sa akda ay natumbasan batay sa kahulugan ng orihinal na salita. Sa resulta ng leksikal na pagtataya napatunayan na angkop ang mga salita sa tumbas na salin nito. Gaya halimbawa ng pamagat na “*Alitang Hungey at Abelling*” sa salin nitong *Pamipatang Hungey Ampong Abelling* ang pinakamalapit na salin sa *alitan* na nasa ayos pandiwa ay *pamipate*. Kung bibigyan ng tumbas sa salitang-ugat nito ay *pate* at away/alit naman sa liwat nitong Filipino. Gayundin ang mga pangalang ginamit sa bawat akda ay sumusunod sa kanilang mga ngalang tribo gaya halimbawa ng Boroh at Matikding. Nangangahulugang itak ang pangalang Boroh ipinalalagay sa ganito na ang ama ng batang isinilang ay matinik at matapang sa pakikidigma. Gayundin ang pangalang Matikding na maganda naman ang tikas at tinidg ng pangangatawan. Nabanggit ni Komisioner Cruz sa panayam ng pag-aaral ang etimolohiya ng mga pangalan ng mga katutubo ay halos sumusunod sa ngalan ng lugar, katangian o mga bagay na bago sa kanilang mga pandinig.

Mula naman sa gramatika sa resulta ng pag-aaral, ang mga isinaling akda ay makikita sa paraan ng pagbaybay ng bawat salita, paggamit ng diin sa L1 at pagtutumbas sa pangungusap tungo sa target na wika ay naka-alinsunod sa ortograpiyang Kapampangan. Sa paraan ng pagbabaybay, naipakitang litaw na litaw ang pagkakaltas ng /h/ sa paggamit ng mga salitang may nagsisismulang tunog nito. Naksunod sa pagtutumbas sa pagbuo ng akda mula sa kolokyal na dila ng mga Kapampangan. Halimbawa nito ay asahan = **asaan**, hangganan = **angganan** Samantala, ang paggamit ng diin sa mga salitang **keng** gayundin ng **king** ay alinsunod na sa ortograpiyang Kapampangan sa kasalukuyan sapagkat ang unang tuntunin ay malinaw na naksalig pa rin sa kastila sa paggamit ng titik “q” na queng at quing. Napansin din ang kahalaghan ng ponemng /y/ sa paglalagay sa pagitan ng dalawang patinig ng salita ay nagamit sa pagsasalina at pagbabaybay gaya halimbawa ng “a/y/isip imbes na aisip”, a/y/alduk imbes na aalduk at katulad pa ng mga ito. Ang paraan ng paggamit naman



ng walong titik na hiram ay nanatili batay sa tuntuning Ortograpiya ng Kapampangan, gaya ng *Chieftain* at *Capas* hindi ito tinumbasan ng ibang salita sapagkat ang mga ito ay salitang tanging ngalan. Nagamit din ang malayang pagpapalitan ng *o* sa *u* batay sa asento at diksyon ng mga wika sa Kapampangan. Gaya ng bulkan sa *bolkan*, takot sa *takut*, katutubo sa *katutubu* at ibang katulad nito. Kung gayon sa unang bahagi ng resulta ay natuos ito nang may interpretasyong lubos na balido sa paraan ng pagsasalin sa wikang Kampangan ang mag akdang tinipon para sa mga Katutubong Aeta sa bayan ng Capas, Tarlac.

Talahanayan 1

Resulta sa Kaugnayan sa Pisikal na Presentasyon ng Magasin

Indikador	Mean	Std Dev	Antas ng Pagtanggap	Interpretasyong Berbal
Larawan	4.8	0.34	Pinakamataas na katanggap-tanggap	Lubos na Balido
Titik at Sukat	4.7	0.41	Pinakamataas na katanggap-tanggap	Lubos na Balido
Kulay	5	0.00	Pinakamataas na katanggap-tanggap	Lubos na Balido
Kabuong Ayos ng Disenyo	4.8	0.32	Pinakamataas na katanggap-tanggap	Lubos na Balido
Kabuoang mean	4.8		Pinakamataas na katanggap-tanggap	Lubos na Balido

Mapapansing lubos na balido ang kabuoang resulta ng talahanayan para sa pisikal na mukha ng magasin bilang kagamitan. Ang pinakamataas na katanggap-tanggap na *mean* na 4.8 ay nagpapatunay na malaking tulong ang kagamitang katulad nito upang maging lunsaran sa pagreserba at pagpapatuloy sa pagkilala ng natatagong yamang akda ng mga katutubo na hindi pa naitatala ngunit nagpasaling-dila sa kanilang mga henerasyon.

Ayon kay Isma'il at Lukman (2022), isa sa higit na nagpapataas ng nagtatagal sa memorya ng mga nagbabasang mag-aaral mula sa representasyon ng kasaysayan ay ang mga kagamitang nakasulat. Patunay lamang na nararapat ang magasin bilang epektibong babasahing materyal ng mga akdang pampanitikang iniingatan ng mga katutubo upang sila ay makilala sa kanilang tradisyon at kultura.

Ang may mababang iskor na 4.7 *mean* ay sa kategorya ng titik at sukat. Nakita na ang mga titik (*font*) na ginamit sa magasin ay hindi sumasapat sa laki at hindi nagkakapareho ng sukat. Ito ay puna na masasabing nabigyan ng higit na pansin ang rebisyon ng mgasin nang sa gayon ito ay higit na kalugdan ng mga mambabasa. Gayundin ang typo-error sa bawat salita sa loob ng magsin ay nabigyan ng rebisyon, maging ng espasyo, kulay at larawan. Katulad ng mga pag-aaral na isinagawa nina Lacanilao at Manalastas (2023), sa kanilang pag-aaral na pagbuo at balidasyon ng *trailing module*, nasukat din ang kanilang kagamitan sa terminolohiya at mga paglalarawan. Ang resulta ng kanilang pag-aaral ay nagpapakita ng lubos na pagtanggap ng mga eksperto sa modyul upang magamit bilang karagdagang kagamitan sa pagtuturo ng aralin sa pananahi.

Nakita man na hindi perpekto ang mga iskor sa bawat kategorya ng nabuong magasin sa kasalukuyang pag-aaral, lumabas pa rin na nasa antas ng pinakamataas na katanggap-tanggap ang kabuoan ng iskor sapagkat naniniwala ang mga kalahok na balideytors at tagasuri na may malaking ambag ito at tulong sa mga dokumentong maiingatan at mapepreserba hanggang sa susunod na henerasyon mula sa mga akdang natipon sa magasin.

Impak ng Pag-aaral sa Kultura at Tradisyon

Napatunayang ang kasaysayan ay mahalaga at nakikita, nababatid sa paraan ng pagsisiwalat, pagsasabi, at pagkukuwento. Ngunit higit itong mananatili sa kaisipan ng marami kung ito ay nababasa at nakatala sa libro at sanggunian ng kasaysayan sapagkat higit itong maisisiwalat sa iba't ibang henerasyon sa buhay ng isang tao. Sa kasalukuyan ang wikang Mag-antsi ng mga Aeta sa Capas ay maituturing nang *Endangered/Unsafe* mula sa klasipikasyon ng UNESCO sa mga wikang nanganganib at nasa kritikal na antas ng pagkawala, kabilang ang wikang ito ng mga katutubo sa tatlumpu't walong (38%) bahagdan na mga wika sa buong mundo ang hindi na matukoy. Sa pag-aaral ni Lewis at Simon (2010) naipakita ang



magkatulad na paglalarawan ng pag-aaral sa kalagayan ng wikang Mag-antsi ng mga katutubo na mula sa Fishman's 8-level Graded Intergenerational Disruption Scale (GIDS), ang EGIDS Level 8b (Malapit nang Maubos) ang antas na sumasaklaw sa *stereotypical* na pagkawala ng wika ng mga katutubong Aeta sa Capas. Ito ang lebel na kung saan ang natitirang mga nagsasalita na lamang sa wika ay ang mga lolo't lola ng mga unang henerasyon, at napakakaunti o kalat-kalat pa ang mga ito na wala na silang pagkakataon pa na gamitin ang wika sa pakikipag-uganyan. Samantalang sa website naman ng *Ethnologue*, naipakita na ang mga nagpapatuloy na lamang sa pag-aaral ng wikang Mag-antsi ay ang mga paaralan at institusyon kahit na ito ay hindi naman ginagamit sa kasalukuyan ng mga Aetang mag-aaral. Isa itong malaking suliranin at impak sa nanganganib nilang wika lalo't ang mga mananalita na lamang ng mga ito ay halos matatanda na at hindi pa magkakasama sa iisang pook.

Ang wikang nagamit sa salin ay diyalektong Kapampangan at hindi ang wikang Mag-antsi sapagkat ang wikang ito ay hindi na ginagamit sa kanilang pang-araw-araw na pakikipagtalastasan sa pamilya man, edukasyon at kalakalan. Nakalulungkot man ngunit ito ang katotohanan na kung paano nabuhay ang wika sa mga unang katutubo ay ganon na rin namamatay sa dila ng mga katutubong Aeta sa kasalukuyan. Upang mapanatili at maingatan ang kasaysayan, tradisyon at kaugalian ng mga ito, ang wikang Kapampangan ang magpapanatili sa mga ito sapagkat ito na ang inianak na wika sa kasalukuyan ng mga katutubo sa Capas Tarlac upang sila ay maka-agapay at makasabay sa agos ng kalakalan, edukasyon at pakikipamuhay sa bayan. Ang impak ng unti-unting pagkawala ay siyang unti-unti ring pagkasilang ng wikang Kapampangan sa mga katutubong Aetang naninirahan doon.

Ang nabuong "*Istorya Keta Capas, Tarlac*" ay malaking ambag sa pagpapakilala at pagreserba ng mga akdang pampanitikan na siyang sumasalamin sa kultura, paniniwala at tradisyon ng mga katutubong Aeta. Ang bawat akda ay nagpapakita ng iba't ibang damdamin, kulay at emosyon na siyang magsisilbing gabay sa bawat mamamayan upang maunawaan at maintindihan ang mga katutubo sa kabundukan. Ang pagtingin at pagsulyap sa nakaraan ng mga ito sa pamamagitan ng kanilang mga kuwento ang siyang magbibigay ng magandang plano ng pamahalaan at lokal na mga opisyaes upang magkaroon sila ng mga proyektong makatutulong sa ikauunlad ng mga katutubo hindi lamang sa tamang paraan ng paghahanap-buhay, maging sa tamang paraan at ugali sa personal na pangangalaga sa katawan, pangangalaga sa kalusugan, edukasyon at pagpapamulat sa pantay-pantay na karapatan ng mga tao sa mundong ibabaw. Alalaongbaga'y ang magasin ang siyang salamin sa buhay ng mga katutubo upang masabi rin nilang "*may kuwento rin kami*".

Konklusyon

Sa bawat bahagi ng anomang suliranin, layunin at pag-aaral natitipon ang mga iba't ibang konklusyon na siyang buod at laman ng pananaliksik. Ganito maiisa-isa ang konklusyon at rekomendasyon sa pananaliksik na ito. Ang mga natipong akdang pampanitikan ng mga katutubong Aeta sa bayan ng Capas, Tarlac ay naisalin sa wikang Kapampangan sapagkat ito ang nanatiling dominanteng wika sa palibot ng lugar na kinatitirhan ng mga Katutubong Aeta. Gayundin isa ito sa mga wikang diyalekto ng Rehiyon 3 maliban sa Ilocano. Ang mga akdang pampanitikang natipon ay ang mga kuwentong bayan, alamat at awiting bayan. Ang mga akda ay tumatalakay sa pakikipagsapalaran ng mga katutubo sa pangangahoy na kanilang pangunahing hanap-buhay. Ang kultura sa pag-aangkin ng ari-arian at lupa, ang tradisyon at simula ng pag-aasawa, ang pag-iibigan at ligawan, ang mga kababalaghan at anito ay ilan lamang sa mga paksa ng mga akda.

Ang metodong *meaning-based translation* ni Larson ang ginamit upang matumbasan nang may angkop na wika mula sa simulaing wika patungo sa target na wika. Lubos na balido ang resulta ng salin at magasin. Sa huli, higit na kinalugdan ito ng mga katutubo, opisina ng NCIP, Capas at mga gurong nagtuturo ng panitikan sa sekondarya at kolehiyo sapagkat magiging isang matibay na saligan muli ito ng buhay na kultura at tradisyon ng mga katutubong Aeta na isa silang mga itinuturing na naunang mamamayan dito sa ating bansa maliban sa iba pang etnikong grupo sa bansang Pilipinas.



Makikita ring higit pa ang maibibigay na kalaman mula sa pagsasalin ng iba pang pangkat-etniko upang magamit bilang lunsaran ng pangangailangan sa mas marami pang wikang katutubo, tradisyon at kultura na lubos na mauunawaan. Magkagayon ay madaling matutuhan ang wika ng iba maliban sa diyalektong taglay ng isang indibidwal.

Kung titignan sa kabuoan ng pag-aaral, higit na mapapanatili ang mga natitira at nakatagong panitikan ng mga katutubo kung maisasalin at maisusulat ito sa wikang kanila ring nagagamit. Higit itong magiging epektibong kagamitan upang mabilis silang makilala at maunawaan sa kanilang espasyo sa lipunan. Maaring makapagtala rin ng ganitong mga pag-aaral sa mga panitikang bayan naman o dili kaya'y mga mito ng bawat lalawigan upang mapangalagaan at mapanatili ang mayamang wika, tradisyon at kultura sa ating bayan.

Sa madaling sabi, ang pagsasalin ay matibay na pundasyon at propesyon na dapat kilalanin sa pagpapanatili ng mga akdang pampanitikan na dapat kilalanin ng tao bilang mahalagang bahagi ng kultura ng isang mamamayan sa kaniyang bayan.

Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda na ipagamit at subukan ang nabuong kagamitang magasin upang higit na mataya ang kabisaan nito sa pagtuturo, lalo na bilang pantulong na materyal sa pagkatuto. Mainam ding isama ito sa mga akademikong talakayan ng mga mag-aaral sa antas sekondarya at tersyarya, partikular sa mga asignaturang may kinalaman sa panitikan at panitikang panrehiyon, upang mapalalim ang kanilang pag-unawa at pagpapahalaga sa katutubong panitikan. Iminumungkahi ring ipakilala ang nabuong magasin sa pamamagitan ng mga oryentasyon at pagtitipon ng mga Katutubong Aeta upang maipakita na ang kanilang kultura at tradisyon ay naitatala na sa anyong nakasulat at hindi na lamang naipapasa sa paraang pasalita sa bawat henerasyon. Maaari rin itong gamitin bilang isa sa mga kagamitang magpapakilala sa mga Katutubong Aeta sa pamamagitan ng pagrekopya at pamamahagi nito hindi lamang sa sektor ng edukasyon kundi maging sa iba't ibang sektor ng pamahalaan, upang higit na maunawaan ang kanilang kultura at tradisyon at magsilbing batayan sa pagbuo ng mga proyektong tutugon sa kanilang pangangailangan at proteksyon sa lipunan para sa pagpapanatili ng kanilang payapa at marangal na pamumuhay. Bukod dito, inirerekomenda ang pagsasagawa pa ng mga kahalintulad na pag-aaral sa iba't ibang bahagi ng Rehiyon III na naaabot ng pamantasan upang mabuo at mapreserba ang kabuuan ng mga kuwentong-bayan, awiting-bayan, at alamat ng mga Katutubong Aeta ng Hungay at Abelling na mananalita ng Mag-Antsi at Sambal. Iminumungkahi rin ang mas malawak na pag-aaral sa iba pang anyo ng kanilang panitikan, tulad ng mga tulang may tugmaan at mga epiko, na maaaring nakatago pa at hindi pa lubos na nakikilala. Panghuli, mahalagang maisalin ang mga akda sa kanilang katutubong wika—ang Mag-Antsi at Sambal—upang mapanatili ang mga ito sa lipunan at maiwasan ang tuluyang pagkawala ng mga wikang katulad ng ilang wikang Agta na hindi napreserba at naglaho na sa kasaysayan.

Sanggunian

Araullo, Kirby. (2025). Why Philippine Languages Are Disappearing, And Why It Matters!

<https://www.youtube.com/watch?v=8rLCx9dYQmA>

Baja, C. J. (2023). Paghahambing ng wikang Kapampangan/ Pampango sa Iba pang Prinsipal na Wika Ayon sa Ortograpiya, Ponolohiya, Morpolohiya At Sintaksis. Retrived from

<https://www.scribd.com/document/684079464/PAGHAHAMBING-NG-WIKANG-KAPAMPANGAN>



- Bamo, Q., Chao, G., & Niles, J. (2016). Documenting Living Oral Traditions: China's Institute of Ethnic Literature as Case Study. *The Journal of American Folklore*, 129, 270. 10.5406/jamerfolk.129.513.0270. https://www.researchgate.net/publication/305785820_Documenting_Living_Oral_Traditions_China's_Institute_of_Ethnic_Literature_as_Case_Study
- Bassnett, S. (2007). Chapter 1. Culture and Translation. In P. Kuhiwczak & K. Littau (Ed.), *A Companion to Translation Studies* (pp. 13-23). Bristol, Blue Ridge Summit: Multilingual Matters. <https://doi.org/10.21832/9781853599583-003>
- Cheesemen, N., et.al. (2021) Ethnologue. Retrieved from <https://www.ethnologue.com/language/sgb/>
- Chao, C., & Xie, M. (2024). I am in the Homeless Home or I Am Always on the Way Home: Formatting Identity and Transcultural Adaptation Through Ethnic and Host Communication. *Journal of Transcultural Communication*. <https://doi.org/10.1515/jtc-2023-0005>
- David, K. (2004). *I Witness "Ang Huling Prinsesa."* <https://www.youtube.com/watch?v=Jv1YtbWqmXo>
- Dela Peña, J. M. I. (2023) "Online Modyul para sa MAED Filipino Pagsasalang-Wika: Isang Pagtataya. Mountain Journal of Science and Interdisciplinary Research (formerly Benguet State University Research Journal). Vol 23., Issue 2, pp. 57-70. https://scholar.google.com/citations?view_op=view_citation&hl=en&user=CaJ474QAAAAJ&citation_for_view=CaJ474QAAAAJ:u5HHmVD_uO8C
- Esman, M. R. (2008). Internal Conflict and Ethnic Activism: The Louisiana Cajuns. *Human Organization*, 42(1), 57-59. <https://doi.org/10.17730/humo.42.1.b5x121h5j5086822>
- Guinto, Jay-R. (2022) DURURU. Mga Piling Panitikan ng Etnolinggwistong Pangkat Hungey at Aberling at Magantsi Tungo sa Pagpapahalaga at Pagtataguyod ng Sosyo-Kultural. Di Nailathalang Thesis. Tarlac State University.
- Holloway, J. E. (2005). Africanisms in American Culture. Second Edition. Bloomington and Indianapolis. *Indiana University Press*. https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=TmzTyI5rfDMC&oi=fnd&pg=PP13&dq=smith+2007+afrikans+americans+and+chinese+amrican+revolution&ots=m47jCYV-m5&sig=jou2jLU318JN_1yB21sBrmTKR-k&redir_esc=y#v=onepage&q&f=false
- Isma'il, A., & Lukman, O. M. (2022). Availability and Utilization of Instructional Materials in Teaching and Learning of Biology in Senior Secondary Schools. *Aquademia*, 6(2), ep22013. <https://doi.org/10.30935/aquademia/12614>
- Lacamilao, I.C. & Manalastas, A. (2023). Development and Validation of Instructional Learning Module in Tailoring. *World Journal of Advanced Research and Reviews*20(1):1071-1088. <https://doi.org/10.30574/wjarr.2023.20.1.2166>
- Lah, S. C. (2014). Ethnic Tourism: A Case Study of Language and Culture Preservation of the Bateq Indigenous Group of Orang Asli in Peninsular Malaysia. *SHS Web of Conferences*, 12, 01071. <https://doi.org/10.1051/shsconf/20141201071>
- Larson, M. (2024). *Meaning-based translation* [E-book version]. University Press of America. <https://www.scribd.com/document/717126073/Meaning-based-Translation-Mildred-Larson>
- Lazo, J. G. (2019). Parsyal na Deskripsyon ng Ponemang Segmental at Varayti ng Wikang Taubuid Mangyan: Isang Etnolinggwistikong Pag-aaral. *The PASCHR Journal*, 1(1). <https://ejournals.ph/article.php?id=14770>
- Lewis, M. P., & Simons, G. F. (2010). *Assessing endangerment: Expanding Fishman's GIDS*. *Revue Roumaine de Linguistique*, 55(2), 103–120. <https://www.lingv.ro/RRL-2010.html>



- Martin, C. J. (2015). *Education for All?: Literature, Culture and Education Development in Britain and Denmark*. Cambridge University Press.
https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=yjvVEAAAQBAJ&oi=fnd&pg=PR1&dq=Martin+2015+Britain+literary&ots=n58v1kznnY&sig=99punNiHXCEc5w4STn61oob5yB8&redir_esc=y#v=onepage&q=Martin%202015%20Britain%20literary&f=false
- Millett, M. (2002). *Contrasting perspectives on Roman Britain - Martin Henig. The heirs of King Verica: culture & politics in Roman Britain*. 160 pages, 74 figures, 30 colour photographs. 2002. Stroud & Charleston (SC): Tempus; 0-7524-1960-9 paperback £17.99 & \$29.99. - Dominic Perring. *The Roman house in Britain*. xii+253 pages, 71 figures. 2002. London: Routledge; 0-415-22198-6 hardback. *Antiquity*, 76(294), 1145–1146.
<https://doi.org/10.1017/s0003598x00092085>
- National Commission on Indigenous Peoples. (1997). *Republic Act No. 8371: The Indigenous Peoples' Rights Act of 1997*.
<https://ncip.gov.ph/republic-act-8371/>
- Nibalvos, I. M. P. (2019). Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa. *MALAY* 32 (1), pp. 99-114. <https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-32/1/7-nibalvos.pdf>
- Novianti, E. (2012). CHAPTER II LITERATURE REVIEW A Translation. Eprints UNY p.7. Retrieved From
<https://eprints.uny.ac.id/9241/3/bab%202-07211144039.pdf>
- Phan, Lao T.K. (2001). *The Impact of Vietnamese National Culture on The Effectiveness Of Quality Management In Higher Education Institutions*. The University of Melbourne, Australia Retrieved from
<https://www.semanticscholar.org/paper/THE-IMPACT-OF-VIETNAMESE-NATIONAL-CULTURE-ON-THE-OF-Phan/3b23b3de5e6557c734c14e09de67b7ff32d937f5>
- QIY'S Linguistic World. (2024, February 15). A Short Guide to UNESCO Classification of Languages in Danger.
<https://qiyslinguistics.blog/2024/02/15/unesco/>
- Samson, L. P., del Corro, A. H., & Henson, J. D. (2016). *Bayung ortograpiyang Kapampangan = Bagong ortograpiyang Kapampangan* [PDF]. Komisyon sa Wikang Filipino. <https://siwalangsinukuan.wordpress.com/wp-content/uploads/2019/02/baiung-ortograpiang-capampangan.pdf>
- Soho, J. (2016). Kapuso Mo Jessica Soho. “Ligbok”, Namamatay na Wika.
<https://www.youtube.com/watch?v=oR8AubrjA-s>
- Tran, Q. H. (2020). Organisational culture, leadership behaviour and job satisfaction in the Vietnam context. *International Journal of Organizational Analysis*, 29(1), 136-154. Emerald Publishing. <https://doi.org/10.1108/IJOA-10-2019-1919>
- Womack, C. S. (1999). *Red on Red: Native American Literary Separatism*. University of Minnesota Press.
https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=EOYt0vlkuLEC&oi=fnd&pg=PP9&dq=womack+1999&ots=L6kkCE9R05&sig=NGsPtiGfuyWUT6t5uwH_G_ymQMTA&redir_esc=y#v=onepage&q=womack%201999&f=false